




Ano ang dapat gawin kapag nasangkot sa aksidente



Para maiwasan ang malito o mataranta sakali mang masangkot sa biglaang aksidente pag-aralan natin ang dapat gawin para makakilos tayo ng mahinahon. Madalas ang aksidente ng sasakyan at bisekleta. Alamin ang pangalan at paano makontak ang nakasangkot sa aksidente, kumpirmasyon ng pangyayari, at pagsusuri ng isang duktor ang ilan sa mga hakbang na dapat gawin.

<p>1</p>	<p>Iparada ang sasakyan o bisekleta sa ligtas na lugar upang maiwasang maging sanhi ng iba pang aksidente.</p>	
<p>2</p>	<p>Tumawag sa emergency 119 Tumawag sa emergency 119 kung may nasugatan sa aksidente .</p>	
<p>3</p>	<p>Tumawag sa police 110.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Manatili sa lugar ng aksidente at hintaying dumating ang opisyal ng pulisya. • Pag dumating na ang opisyal ng pulisya, ipaliwanag ang pangyayari ng aksidente. Pagkatapos ay magsasagawa ang pulis ng pagsisiyasat sa naturang lugar ng aksidente. 	
<p>4</p>	<p>Pumunta sa ospital. Maaring sa palagay ninyo ay bahagya lamang ang inyong sugat o naramdamang sakit ng maaksidente, pero maaring ito ay malubha kung kaya't makabubuting pumunta sa ospital at magpatingin sa duktor.</p>	
<p>5</p>	<p>Mag-apply para kumuha ng "sertipiko ng aksidente sa trapiko". Kinakailangan ang sertipiko ng aksidente sa trapiko para sa iba't ibang mga pamamaraan na nauugnay sa mga aksidente sa trapiko, tulad ng pagtanggap ng pera sa seguro. Bilang isang pangkalahatang tuntunin, ang sertipiko ng aksidente sa trapiko ay hindi na maaaring maibigay pagkalipas ng 5 taon mula nang maganap ang aksidente para sa personal na pinsala, at 3 taon pagkalipas ng aksidente para sa pinsala sa bagay o pag-aari. Kahit na sa palagay ninyo ay hindi ito kakailanganin kaagad, maaaring kailanganin ninyo ito pagkalipas ng ilang taon. Lalo na sa kaso ng pagkamatay o malubhang pinsala, maiging kumuha kayo ng nasabing sertipiko. *Para ma-isyuhan ng “sertipiko ng aksidente sa trapiko” kailangan ipagbigay alam sa himpilan ng pulisya, gumawa ng pag-abiso at pag-uulat ng nangyaring aksidente.</p>	
	<p>■ Paraan ng pag-apply para sa sertipiko ng aksidente sa trapiko Maaring makakuha ng porma ng aplikasyon sa tanggapan ng Japan Safe Driving Center, sa himpilan ng pulisya, sa police box, non-life insurance company, at iba pa. Matapos punan ang mga katanungan, isumite ang porma. Maaaring ipadala sa koreo, dalhin mismo sa tanggapan, o via Internet. Para sa detalye, tingnan lamang ang website ng Japan Safe Driving Center.</p> <p>Japan Safe Driving Center: Sertipiko ng aksidente sa trapiko https://www.jsdc.or.jp/certificate/tabid/112/Default.aspx (Japanese) https://www.jsdc.or.jp/en/tabid/142/Default.aspx (English)</p>	<div style="display: flex; justify-content: space-around; align-items: center;"> <div style="text-align: center;">  Japanese </div> <div style="text-align: center;">  English </div> </div>



Mga Pagpapayo

Maaring magkonsulta sa FICEC
mula Lunes ~ Biyernes, 10:00 ~ 16:00

May anak akong grade 4 sa elementary. 6 na buwan pa lamang mula ng dumating sya dito sa Japan. Subalit ayon sa kanya, sya ay binu-bully sa eskuwelahan. Nung minsan ay napikon na sya kaya't gumanti at inaway nya yung nangbu-bully sa kanya. Dahil dito ay tinawag sya sa opisina ng principal. Sa China, normal lang ang makipag-away pero pagkatapos ay nagbabatian din. Dito sa Japan kailangang bang magtiis na lamang?

Sa paninirahan dito sa Japan, mas magiging kaaya-aya ang inyong pamumuhay kung aalinsunod kayo sa mga alintuntunin kagaya ng mga Hapon. Ang paaralan ay kagaya ng isang maliit na komunidad. Maging sa mga paaralan ang pangbu-bully ay pinaghihigpitan at ipinagbabawal. Nagsusumikap ang mga kawani sa mga paaralan na mapigil ang mga pangbu-bully. Makakabuti sa inyong anak kung kakausapin ninyo at pakikinggan ang kanyang nasa kalooban.

Tumatanggap ako ng tulong mula sa welfare. May kaibigan akong biktima ng DV at tinulungan ko syang makatakas. Humihingi sya ng tulong na mabigyan ng pagkain at iba pang food supplies.


Kung tumatanggap ng tulong mula sa welfare ay hindi kayo maaring magbigay ng proteksyon sa ibang tao. Maari lamang ay pumunta na kaagad at kumunsulta sa city hall, sa seksyon ng tagapamahala sa DV. Ang pagkukup ng ibang tao o kaibigan ay ipinagbabawal. Gayundin ang pagpapatira sa inyong bahay kung kayo ay tumatanggap ng tulong mula sa gobierno ay mahigpit na ipinagbabawal. Alinsunod ang iba pang mga alintuntunin ay:

- (1) Ipinagbabawal ang pagpapadala ng pera na tinanggap mula sa welfare sa inyong ka-pamilya sa inyong bansa.
- (2) Ipinagbabawal ang paggamit ng perang tinanggap sa welfare sa pagbayad ng utang.
- (3) Ipinagbabawal ang pamimili ng maluluhong bagay o gamit.
- (4) Kung kinakailangang umuwi sa inyong bansa, ipaalam sa case worker (hindi kayo tatanggap ng tulong pinansyal sa panahon ng pagtigil sa inyong bansa)
- (5) Ipinagbabawal ang pag-iinom ng alak, paninigarilyo, at pagsusugal.
- (6) Kung kayo ay nagtrabaho at kumita, kailangang ipaalam sa inyong case worker.

Huwag maging waldas sa paggastos ng suportang pinansyal mula sa welfare. Magsumikap na makahanap ng trabaho na naayon sa inyong kakayahan sa lalong madaling panahon para makapamuhay sa inyong sarili.

Nangangailangan ng mga volunteers

Ang FICEC ay binubuo at sinusuportahan ng mga volunteers at iba pang may kaugnayan sa pagkakawang-gawa. Nangangailangan ng mga volunteers sa pagsasalin sa mga wikang banyaga at nais maging staff sa mga pagpapayo at pagkonsulta. Depende sa araw o oras na naayon lamang sa inyo maari kayong lumahok sa mga aktibidad. Tumawag lamang sa (Tel. 049-256-4290)



Ang Immigration Bureau of Japan ay magpapadala sa pamamagitan ng email ng mahalagang pagpapahayag at impormasyon sa mga banyagang naninirahan dito sa Japan

“Tungkol sa imigrasyon, status ng paninirahan, suporta sa paninirahan, pagbabago sa mga patakaran at iba pa”

- Sinuman ay maaring magparehistro ng kanilang e-mail add.
- Maaring piliin lamang ang nais ipadalang impormasyon
- Ipadadala ang mga balita ukol sa mga bagong pagpapahayag, impormasyon at mga ebento.



Japanese



Easy Japanese



English

Pagbabalik ng mga aktibidad

Pag-aaral ng Nihongo

Tuwing Huwebes, 10:00~12:00

Mag-aral tayo ng Nihongo!

Tumawag at makipag-ugnayan kung nais mag-aral at magpaturo ng Nihongo sa ibang araw maliban sa Huwebes.



FICEC International Children's Club

Tuwing Sabado, 9:00~12:00

Para sa mga banyagang mag-aaral sa elementary, junior high school, at high school, tutulungan namin kayo sa inyong mga aralin sa eskuwela at para maging mas bihasa sa Nihongo. May mga masasayang paglalaro at iba pang mga ebento.

